

# HCAP: Mas mabilis na oras ng pagtugon para sa mga 911 na tawag

Pebrero 02, 2023 [Mga katanungan sa media](#)

Sa pamamagitan ng Plano ng Aksyon sa Pangangalagang Pangkalusugan [Health Care Action Plan (HCAP)], ang mga Serbisyo sa Kalusugan ng Alberta (Alberta Health Services) ay naglunsad ng bagong EMS-811 na Ibinahaging Tugon na programa upang ang bawat Albertan ay makatanggap ng naaangkop na antas ng pangangalaga.

Ang Alberta ang may pinakamahusay na mga front-line na manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan sa mundo, at ang pamahalaan ay nagsisikap na magkaroon ng mga tamang suporta para matiyak na makukuha ng mga Albertan ang pangangalaga na kailangan nila kung kailan at saan nila ito kailangan.

Ang mga paramediko sa Alberta ay napakahusay at sinanay upang tumugon sa bawat uri ng emerhensiya. Ang kanilang trabaho ay mahalaga upang matiyak na, sa mga seryosong sitwasyon, ang mga Albertan ay may pinakamataas na antas ng pangangalagang makukuha.

Upang matiyak na ang mga Albertan na nangangailangan ng agarang pangangalaga ay makakatanggap ng pangangalagang iyon sa lalong madaling panahon, ang mga opisyal ng pang-emerhensiyang komunikasyon ng EMS ay nakikipagtulungan na ngayon nang malapit sa isang dedikadong pangkat ng 811 sa pamamagitan ng isang bagong EMS-811 na Ibinahaging Tugon na pangkat. Ang Ibinahaging Tugon na Pangkat ay gagana upang mahusay na mailipat ang mga hindi kagyat na tawag nang direkta sa isang 811 na nars, habang ang mga agarang tawag ay patuloy na makakatanggap ng tugon ng ambulansya.

Kapag ang mga Albertan na tumatawag sa 911 ay konektado sa EMS, tinitiyak ng isang opisyal ng pang-emerhensiyang komunikasyon sa tumatawag na ang tulong ay darating habang sinusuri ang mga

pasyente na katulad ng nangyayari sa isang departamento ng emerhensiya sa ospital. Kapag ang isang opisyal ng pang-emerhensiyang komunikasyon ay kumpiyansa na ang sitwasyon ng isang pasyente ay pinakamahasag na mapangasiwaan sa mga alternatibong antas ng pangangalaga, ililipat nila ang tawag nang direkta sa isang nakatuong pangkat ng mga may karanasang nakarehistrong nars sa 811 nang hindi pinapasok ang tumatawag sa isang pila. Ang rehistradong nars ay patuloy na susuriin ang pasyente at sitwasyon upang matukoy ang naaangkop na mga opsyon sa pangangalaga.

Ang mga tawag sa 911 na tinasa bilang klinikal na naaangkop para sa bagong ibinahaging tugon na sistema ay hindi naghihintay sa regular na 811 na pila at may nakatalagang nakarehistrong nars para sa suporta. Ipinapaalam sa mga tumatawag ang tungkol sa prosesong ito at, kung sa anumang punto ay matukoy na kailangan ng ambulansya, ang isang ambulansya ay ipapadala.

Ang mga hindi kagyat na tawag ay nagkakahalaga ng humigit-kumulang 10 hanggang 20 porsiyento ng kabuuang 911 na dami ng tawag, depende sa lugar. Nangangahulugan iyon na, kasama ang EMS-811 na Ibinahaging Tugon na pangkat na ginagamit, humigit-kumulang 40,000 na hindi pang-emerhensiyang tugon ang maiiwasan bawat taon. Ang bagong diskarte na ito ay nangangahulugan na mas maraming ambulansya ang magagamit upang tumugon kung saan sila higit na kailangan habang tinitiyak na ang lahat ng mga Albertan ay nagpapanatili ng akses sa naaangkop na mga antas ng pangangalaga na kailangan nila.

## **Isinasagawa ang mga priyoridad na pagkilos upang mapababa ang mga oras ng pagtugon sa EMS**

Ang opisyal na tagapangasiwa ng AHS ay inatasan ng apat na mga priyoridad na aksyon upang mapabuti ang saklaw ng mga serbisyong pang-emerhensiyang medikal. Kabilang doon ang paghahanap ng mga paraan upang gumamit ng mas angkop na mga paraan ng transportasyon kapag hindi kailangan ang paggamit ng mga ambulansya at lubos na sinanay na mga paramediko. Ang AHS ay naglalabas ng kahilingan para sa mga pagpapahayag ng interes at kwalipikasyon upang humingi ng pagkontrata ng mga paglilipat na hindi pang-emerhensiya sa pagitan ng mga ospital at mga sentro ng pangangalaga sa mga lugar ng Calgary at Edmonton sa unang bahagi ng Pebrero.

Gumagawa din ang AHS ng mabilis na pagsubaybay sa mga paglilipat ng ambulansya sa mga departamento ng emerhensiya. Noong Enero 5, isang patakarang panlalawigan ng AHS ang inilagay sa lahat ng mga ospital, na nagbibigay ng direksyon at mga alituntunin upang padaliin ang paglipat ng mga matatag at hindi gaanong kagyat na mga pasyente mula sa pangangalaga ng mga paramediko patungo sa departamento ng emerhensiya at mga pangkat ng kagyat na pangangalaga.

## Mabilis na mga Katotohanan

- Nakikipagtulungan ang EMS dispatch sa Serbisyo ng Impormasyon sa Lason at Droga [Poison and Drug Information Service (PADIS)]. Mula noong unang bahagi ng 2022, matagumpay na nailipat ng AHS ang higit sa 400 na mga hindi pang-emerhensiyang tawag na may mga tanong tungkol sa lason at droga sa PADIS.
- Gumagamit ang mga rehistradong nars ng Health Link ng isang modelo ng payo sa pinakamahuhusay na kasanayan sa industriya na gumagamit ng mga alituntunin na nakabatay sa ebidensya at nagbibigay ng ligtas, nakatuon sa pasyente na mga klinikal na pagpipilian para sa mga hindi pang-emerhensiyang pasyente na tumawag sa 911.
- Hinihikayat ng AHS ang lahat ng mga Albertan na humihingi ng payong pangkalusugan para sa hindi agarang mga alalahanin sa kalusugan na alamin ang tungkol sa kanilang mga pagpipilian sa pangangalaga sa pamamagitan ng pagbisita sa [ahs.ca/options](https://ahs.ca/options). Ang mga manggagamot, parmasyutiko, o Health Link ay kadalasang ang pinakamahusay na mga suporta.

## Kaugnay na impormasyon

- [Plano ng Aksyon sa Pangangalagang Pangkalusugan](#)

## Kaugnay na impormasyon

- [HCAP: Direktang pagkilos para mapababa ang oras ng pagtugon ng EMS](#) (Enero 16, 2023)
- [Plano ng Aksyon sa Pangangalagang Pangkalusugan: Mga oras ng pagtugon ng EMS](#) (Disyembre 21, 2022)
- [Pagbabago sa AHS upang mapabuti ang pangangalaga ng pasyente](#) (Nobyembre 17, 2022)

## Multimedia

- [Panoorin ang kumperensya ng balita](#)
- [Audio: EMS/ 811 na Ibinahaging Tugon - Hindi Tunay na Tawag](#)
- [Audio: Sipi mula kay Ministro Copping](#)
- [Audio: Sipi mula sa Parlyamentaryong Kalihim Sigurdson](#)
- [Audio: Sipi mula kay Patricia Chambers, nakatataas na panlalawigang direktor, virtual na pangangalaga, Kalusugan ng Alberta \(Alberta Health\)](#)

